

**Presidential Communications Operations Office
Presidential News Desk**

**INTERVIEW OF
PRESIDENT RODRIGO ROA DUTERTE
WITH PASTOR APOLLO C. QUIBOLOY**

**[Held at Sonshine Media Network Int'l Worldwide Broadcast Studios, New Jerusalem in
Davao City | 05 May 2022]**

PASTOR APOLLO C. QUIBOLOY: Mayor, as the AVP there says we are not ready for you to step down nevertheless is six years is so short for a wonderful journey that you had given us as our Chief Executive of our country that I for one always say I can now be proud to be called a Filipino wherever I go and this should continue. In just a few days, a few weeks you will be stepping down but your popularity remains on the high ground.

So according to the PUBLiCUS Asia survey, you are set to be the first president in history to end his term with approval, satisfaction, and trust ratings above 50 percent. On the other hand, a political science professor Maria Ela Atienza, in an interview with Al Jazeera, downplayed this saying that people are also afraid to say the truth even in surveys due to the prevailing culture of fear created by the administration.

What do you think made you hugely popular among Filipinos despite some unpopular decisions?

PRESIDENT RODRIGO ROA DUTERTE: Pastor, I have yet to divine the --- or to fathom the real reason why I remain to be popular. When as a matter of fact, I was very strict on all fours in governance. For example, banning people at night drinking in public places and the many things that --- pati sa strikto ako sa pulis.

And if you remember, 'yung mga pastil[las] na Immigration officers, there were 42 of them. Alam mo, Pastor, I terminated their services. I dismissed them from the service. Medyo talagang --- because maybe I was nursed and nurtured in my adulthood in an environment where I began as a prosecutor in court, then I became mayor with you know my dream which I got from my parents when they migrated here from the Visayas coming to Mindanao seeking the greener pastures.

Kasi, Pastor, kung mayaman lang kami sa amin, kung may niyugan kami tawag sa Bisaya, we had coconut plantations or a business that would be... Alam mo more than the needs, it's a dream of every man to acquire wealth and more than the basic needs of the family. So that was the dream of my parents in migrating here.

In 1949, '50, you know you could only picture this place where the --- our church now stands --- dito pa kami naghu-hunting. We used to hunt here, .22 rifle, small game. But ganoon ka --- you know it was --- you had to practically hack our way into what is now Davao City.

Kaya ‘yan siguro ‘yung dream ko, dream ng tatay ko, dala-dala ko pa. And I would say --- they say that it was the dream of every migrant na pumunta dito sa Mindanao.

People must really know that you know walang Mindanaoan na Bisaya, walang Mindanaoan na Ilonggo, walang Mindanaoan na Ilocano, Bicolano, or Cebuano, or Leyteño. Itong Mindanao ang mga tao na original ika nga eh ‘yung mga natives dito the Maguindanao, the Muslim community here, the Maguindanao, Maranao, Iranun, Tausug, Sama, itong mga Davaoeño. Ito ‘yung silang mga Muslim na tumira dito noon. The earliest inhabitants or people in Maguindanao eh ‘yung mga Muslim.

At the time, Magellan was able to conquer Cebu and the Luzon, nakuha kaagad nila. Well, of course, the moving factor there was to spread Christianity. Hindi masyado sila dito, nahirapan sila dito sa Mindanao kasi may poste na. There was already a post here and what is that? Islam.

Kaya talagang lumaban, the gory things that you see in the old pictures of what Mindanao was at the time. Lumaban talaga ang mga Muslim dahil ayaw nila ang Christians. But you know over time I would say that masakit man pakinggan, it’s only a --- not even a vague memory of the Filipinos if there were --- ngayon kung buhay pa.

Little by little nakuha talaga nila. But dito sa Mindanao I said nahirapan sila. And after 400 years of being subjugated by the colonials, dumating ‘yung Amerikano. So 50 years, we were also under the Americans. I would say that ‘yung pinakamagaling natin dito na nasa Mindanao, ‘yun ‘yung may mga kaunting pera at nag-invest dito.

Prominent of those are really the --- itong sila si Mayor Santos noon. Dumating dito ‘yan purposely to do business and make money, the Alcantaras, iyan ‘yan sila. So ‘yung history natin dito sa Mindanao noon pumasok sa utak ko at dala-dala ko doon sa pagka-Presidente ko.

At simple lang, Pastor, at lahat in the Cabinet meeting, meetings, I’ve always stressed sabi ko no corruption. I will not name them now because it’s not good. We might go into a shame game which I do not want to happen.

But siguro mga six Cabinet members na pinatalsik ko because of corruption. Hindi ko naman talaga na --- I was not able to prove it myself. But judging from what I have heard noon, I really need not pursue the case to its logical end by filing a case. Wala naman akong ebidensiya but ‘yung mga haka-haka na hingi-hingi, well they were all validated by itong mga tao mismo kinausap ko. So in the process, marami akong napatanggal.

Kaya lang hindi ko pina-publish ‘yan. I never made any announcements. I just said to well to the person concerned, “just go out quietly,” and wala na.

So maybe ang stand ko sa law and order pati ‘yung corruption at sabi ko ‘yung pastil[las] nga, 42 of them, naawa talaga ako. I mean I --- hindi ko gusto ang nangyari pero wala akong magawa.

On top of that actually ‘yung free access sa tertiary education. Ngayon ho libre na mag-enroll ka sa mga college and universities ng gobyerno. And doon by itong process to the CHED, puwede ka ng --- mayroon

kang edukasyon na makuha however humble it might be. Tapos ‘yung universal access naman sa health care.

PASTOR QUIBOLOY: Health care.

PRESIDENT DUTERTE: Kasi noon, dito nag-umpisa ‘yan sa Davao, Pastor. Alam mo lahat ng problema sa mayor – mayor eh, we are still in the feudal state. ‘Pag mahirap ang bayan, it’s really a setup for feudalism kasi lahat ng problema ng barangay magpunta doon sa barangay captain. Then ang barangay captain naman dalhin doon sa mayor or governor for that matter, mga probinsiya at mga munisipyo.

Lahat kailangan ng tao and hindi – just beyond the limits of the downtown area ‘yung mga gusto ng mga barangay, gusto ng national high school, so magtayo ka. These are the things that binigyan ko ng – that I really poured money into this program.

But at the same time, I really maintained my stand against itong criminality. Maybe the first time na magpunta ako. Sabi nila – I don’t know, I have yet to see it for myself because much as I would like to go around like when I was a mayor, nagmo-motor lang ako dito, tayo maski gabi.

Eh noong sa naging ano na ako national worker, kaliwa’t kanan ko puro – eh ‘di ito may pulis. Eh ‘yung isang naka sibilyan pulis rin ‘yun. Pulis ‘yan sila lahat pero nurse ko ‘yung si ‘yung unang umakyat dito.

So, well, to make it really short, Pastor, I may just read the – ‘yung increasing the military and police pay, universal health care, ‘yung...

I was campaigning, I remember --- I cannot remember all of these things were it not for the list now. But I remember that when I was campaigning for the presidency, I went to San Miguel, Bulacan. At alam ko na may – ‘yung iba NPA, the vocal ones at sabi nila na hrap sila sa programa ng gobyerno itong Irrigation Act kasi ‘yung tubig, ang gobyerno man ang maggawa ng water system doon para to distribute it doon sa mga farmers, but they pay P5,000. So ‘yun ang reklamo nila sabi – ‘yung harapan-harapan kami. Pero sabi ko, kung maawa ang Diyos at ako maging presidente, the first thing that I will do is to scrap the P5,000 sa irrigation.

So when I was – I became President, ginawa ko talaga. The first act that I did was I called the Irrigation office and said, “stop collecting.” Talagang hindi ko lang sinuspend (suspend), I did away with the practice. Iyon rin siguro ang nagpalapit sa akin sa mga tao because kung ano ‘yung sinasabi ko, talagang gagawain ko.

And that was my warning also to everybody dito sa aspect ng law and order. Iyong sinabi ko, huwag mong gawin. ‘Pag ginawa mo, pasensiya na lang. So dito ginawa ko ‘yung programa,

‘yung thrust ng policies, ginawa ko ‘pag naging Presidente. But in the process, marami akong nagkakaso sa ICC, International Criminal Court.

May gusto lang akong sabihin, Pastor, sa kanila. You know, it’s very easy really to – madali ‘yung especially kung hindi ikaw. Eh sabihin man nila, “Ito ‘yung pinatay ni Duterte,” ganoon o, “in the drug war.” Kung sakali totoo man ‘yan, assuming na totoo, hindi nila binasa ‘yung second page. Ito ‘yung pinatay ng mga durugista, mga kriminal dahil sa droga.

Droga, ‘yan lang. Noon kasi ang droga starts with, kaibigan kita, bigyan kita ng shabu, free. Bigyan kita ng one week free shabu. Noong medyo gumana na ‘yung katawan mo pati ‘yung utak mo, magpunta ka sa kaibigan mo, may bayad na ‘yun. So kung may bayad na, kailangan mo ng pera. Kung anak ka ng mga bilyonaryo, okay lang sa akin. Hindi ‘yan sabihin mo na may bias ako sa mahirap. Kasi ‘yung mga mayaman hindi naman nagco – hindi ‘yan nagsha-shabu, cocaine.

PASTOR QUIBOLOY: Cocaine.

PRESIDENT DUTERTE: Cocaine ang mga mayaman dito sa – maski dito sa Davao. Sa mga yate ‘yan sila – nila out in the open sea, or in their mansions with high walled na bahay na... And of course, also the influence of money, nakadikit doon sa pangalan na may pera ka.

Even the law enforcement as a matter of fact is having a hard time, really, fighting the drug war. Kaya ang nauuna dito sa baba kasi wala man silang yate, bangka man. At saka ‘pag medyo mag-ulan, dito naman sa mga subdivisions pati ‘yung iba parang talagang housing na ano --- at madali ‘yung hawaan at naalaman kaagad.

So ‘yan ang ayaw ko sa droga kasi sa --- over time the... Sabi --- this is about the nth time that I said it, ang shabu will shrink the brain over time, constant use. And that is why ‘pag ang tao nalulong sa droga...

Ito ‘yung bakit siguro ako naging malapit sa tao, ito ‘yun eh, na over time kung wala na silang makuha diyan... And ‘yun ang na-experience ng lahat ng pamilya. Magnakaw ‘yan ng kung anong inakaw tapos ipagbili, ‘yung kotse ipagbili. Iyon ang gawain nila.

‘Pag wala ng resources na makuha niya sa bahay niya, they go out and look for money. Saan man nila makuha ang pera? Sa tao. Kaya abangan nila diyan sa madilim or holdup diyan sa bus, or kung ano-anong kalokohan magawa magkapera lang. And there was a time na sa Maynila maraming namamatay, sinasaksak, binabaryl, kinukuha ‘yung pera.

So, you know, ganito ‘yan eh, we were almost --- malapit na tayo maging narco state.

PASTOR QUIBOLOY: Yes.

PRESIDENT DUTERTE: Ah pumasok na ‘yung mga mayor. Pumasok na mayor more than a hundred doon sa original list ko. At ‘yung list naman hindi akin ‘yun. Kung sabihin mo listahan,

binigay 'yun ng law enforcement. Hindi ako law enforcement na ako mismo ang maglista diyan kung ilan kayo. So iyon, binasa ko at sabi ko I have to do something about this problem.

Noong nandito sa Davao, simple lang man ang sinabi ko, I will build a city and I'll make you feel comfortable. Tapos sabi ko linisin ko ang droga. And I did. Well, of course not successfully na lahat 100 percent clean.

But I was able to reduce the supply and demand kasi wala na masyadong supply and demand. Wala na rin silang makuha, tinitiiis nila. Walang ibang ano eh in dealing with criminals.

Iyong rehabilitation rehab ganoon, 'wag kang maniwala diyan, lalo na 'yang mga kidnappers. How do you rehabilitate the idiots? So 'yun ang ginawa ko. I'll build a city, I'll make it comfortable. Do not destroy it, do not disturb the life of the city because if you do, I will kill you.

Iyon lang man ang sinabi ko, "I will kill you." Hindi ko sinabi na "itong si oh kapitan sige patayin mo." I never mentioned anybody. "I will kill you." Ngayon kung ako 'yung pumatay ng lahat ng natumba diyan, eh mahirap 'yan kasi lahat ng mga...

'Pag nandito ako sa Davao noong mayor ako, sa bahay nakadikit lang ako diyan sa TV. Lalo na dumating na itong Netflix, ah wala na tayong ginawa kung hindi mag... Tatal ang pinapanood naman natin diyan --- but huwag naman magalit iyong Amerikano --- lahat ng pinapanood ng Pilipino iyong mga giyera o mga drama, kayo man, ang Amerikano man. Hinahanap namin. Iyong mga artista ninyo ina-idolize ng Pilipino. So what's your problem with us?

The problem with us is I do not want you. Kung sana wala kayo dito. Well, I'll just say that do not impose anything on my government. Do not control. Alam mo 'yung, even with the slightest, slightest suggestion na "ito gawain mo."

Ayaw ko 'yan. Maybe 'yung ibang Presidente kaya ako nag... I stood my ground, I said I will be a neutral player in the international politics. Geopolitics demands that kailangan ko makipagkaibigan sa lahat. So iyon ang ano ko.

But back dito sa drugs, talagang sa Bisaya pa kastigo, pinarusahan nila ako. Eh sabi ko eh 'di sige kung may ebidensiya ako. But let me say this for everybody, including the ICC, you know guys, I am a Filipino. And if I were to be prosecuted, it must be a Filipino tribunal, a Filipino court with a prosecutor that is a Filipino. And the judge, hearing my case, must be a Filipino. And I must be tried here in the Philippines, in my country. You have no business coming here.

Kayong mga puti, ang mga Europeans, you created the International Court of Justice. Kayo lang 'yan diyan eh. Kayo ang nag-imbento niyan. It was not really a part of the original setup of the United Nations. Itong mga puti, hinahabol nila 'yung mga massacre-massacre ng ibang bayan, and yet if you just look at the corner and look further, you were the ones who were really the colonials at the time who subjugated and who made the inhabitants of the --- iyang kinonquer (conquer) ninyo at ginawa talaga ninyong alipin at pinapatay ninyo noon.

Ganoon rin in Africa. Iyong mga itim at tayong mga Pilipino. You know, huwag mong sabihin sa akin matagal na 'yun. In... Was that in Quezon? You massacred the entire community. Ang order kasi ng general is "Men, women, and child, you kill them all." Kasi iyon ang ano.

I went to Balangiga kasi iyong Balangiga, kinuha nila. They made a trophy nila. Iyon ang... I worked on it. Sabi ko, we will never have a good relation. I... Sabi ko, I cannot accept that incident. It might be 100 years ago, but still they were Filipinos tapos minassacre (massacre) ninyo.

Do not talk to me about human rights because I can... You can accuse me of 10? I'll give you a number of 20. You went around the world. Kayong mga puti diyan, kayong mga superpowers ngayon, kayo 'yung umikot. Bakit kayo nauna? Well, because pinigilan ninyo ang mga natives ng mga countries that you occupied.

So nag-segue na ako. Bumalik tayo sa droga pati why I am popular. I really do not know, Pastor. [laughter] I... Pati ako nga ano ba ang nagawa ko na...? You know what is ironic is that all my years, academic 'yung pag-aral, the learning academies of the Philippines and even in my school, I got expelled twice, lahat na. Pero ngayon, at the end of my human life, ako 'yung pinaka-popular. [laughter] Talaga.

Hindi nga ako popular sa tatay ko, God bless his soul. Hindi kami magandang relasyon sa tatay ko kasi the last quarrel that I can remember, I... May mga dynamics ang tatay ko pati 'yung anak. Iyong sa airport minsan nag-abot kami. Pero noon, puwede 'yung manok ikarga mo sa eroplano. Nagdala ako siguro mga lima. Nakuha ko 'yun dito, binili ng --- bili ko sa mga sabungero dito. Ang mga manok na ito ang ingay, "tiktilaok!" [laughter] Kasi may night flight pa noon. May... There was a flight na alas tres, alas kwatro. So nagalit talaga siya, nag-away kami.

Pero what is sad is that from the date of our quarrel, probably about three months after, he died. So sabi ko sa tatay ko noon doon sa burol, sabi ko, "Pa, hindi na ako magsugal kailanman sa buhay ko." And I stopped. Wala na. Sabi ko, lutuin ko na lang 'yan ng --- gawain... Pinatay ko 'yung lahat manok. After the 9th day sa prayer, marami kaming barbecue na manok noon. [laughter]

Kaya ngayon ayaw ko 'yang e-sabong. Stop it because e-sabong and all, isabay ko na lang. Eh pati 'yung bata pinagbebenta na para maka --- binebenta para maka... Well, that was the report.

Actually, iyan ang... Nakikinig 'yung mga senador pati si Bato. Tapos sabi niya na "stop it." You know, there is always a process. It might not really be a due process because it is a presidential prerogative to stop it anytime.

But for those who invested it maski na mga shady characters 'yan sila, alam mo may investment 'yan. Kaya noong sinabi nilang "sarahan mo, Mayor." Sabi ko, ita-try ko muna. Tingnan natin. Let's see what's wrong. So para pagharap ko sa tao may masabi ako and I have a basis that is --- not maybe very scientific but still a survey conducted by a credible department in government, ang DILG.

I tasked Secretary Año, who is a military man, naging Chief of Staff ko rin ‘yan sa panahon ko siguro. Sabi ko, “mag-survey ka.” Kasi itong DILG may opisina ito hanggang Jolo. So you can -- - ‘yung mga barangay captain mag-report doon sa mayor, ang mayor magpadala sa survey mo.

Tapos overwhelming, I said, three out of something but talagang overwhelming na ayaw ang Pilipino. So hininto ko. Because diyan sa ano, what caught our attention was ‘yung 32 na kinidnap, nawala. Iyong game fixing nila, ‘yung alam mo ‘yung tari? Iyong ta...

PASTOR QUIBOLOY: Iyong tari.

PRESIDENT DUTERTE: Iyong tagab ang tawag nila. I-ganoon mo lang, ibahin mo ang angle niyan, wala na ‘yan. Hindi na masyadong makatama at least hindi na ‘yan masabi masuso. Sa ano lang, tabi-tabi lang. Iyon game fixing sila, pinasok ng sindikato. Eh kaya ‘yung sabi ko, ‘yung nandiyan mismo ang nagpapalaro niyan hindi ko naman sinasabing mga gangster pero matindi ang ano niyan reputasyon na talagang ‘pag nagkamali ka... Iyon ‘yung kinidnap ‘yun, iba-ibang prob --- iba-ibang lugar sila sa Metro Manila.

Pero ‘yun sila, para kunwari magpustahan pero alam na nila. Iyon na, parang nabuko then the repercussions happened. They were kidnapped, picked up from their houses, inside or outside, at nawala na. So that prompted Dela Rosa to raise the first cry na, “Mr. President...”

Nakinig lang ako sabi ko pero mag-survey muna tayo para may maisagot ako sa kanilang mga nag-invest at may masabi ako sa mga tao. Ayun pati raw bata. So the survey was really a validation of what I have heard.

Hindi naman ako kailangan pumunta doon na mag-ano kasi hindi nga ako makalabas eh. Hanggang --- maski ako magpunta nakabuntot ‘yan, basta ‘yang naka-uniporme diyan, ‘yang si ano. Duty-duty ‘yan sila pero lahat ng panahon mayroon kang... So hindi ko malaman ang istorya sa labas.

But with the survey, actually, which I think a very simple one but it, I said, validated all of those things that people were complaining about. Iyon. Noong dumating ‘yung recommendations, I approved it. So sabi ko that very moment sinabi ko na ‘yun, starting tonight --- ah hindi, midnight, starting midnight tapos na ang... Because they were playing sabong 24 hours.

PASTOR QUIBOLOY: Online.

PRESIDENT DUTERTE: Twenty --- walang... Kaya sabi ko tonight at 12 o'clock everything stops. So isali ko na lang ‘yan doon sa --- ‘yung ganoon na mga...

But you know why? Why did we initially allow sabong? Well, there are so many arguments about it but what is very clear to us is that we were making 640 plus million a month.

Ito ‘yung after pandemic na walang pera o kulang ‘yung pera o maraming naghihingi ng pera. You know, one year that would be so many billions.

PASTOR QUIBOLOY: Yes.

PRESIDENT DUTERTE: Kaya pinayagan namin. Sabi ko pagsabi ng --- ang PAGCOR ‘yan eh. PAGCOR is the authority of allowing or disallowing gambling. So noong binigay nila ang estimate, sabi ko okay ‘to, kaya pero 24 hours. But I did not really --- right away ‘yung mga --- ‘yung the possibility, ‘yung...

If you allow it legally, you expect that everything would be legal also, that there will be no underground operations and things like that, o parallel ‘yung legal pati illegal. Same, kolekta rin ng pera, pusta. So ‘yun ang nangyari diyan. Iyon ang explanation ko.

Naghintay lang rin ako ng --- nung --- noong gabi na ‘yun noong binigay ‘yung recommendation, ‘yung gabi nag-announce kaagad ako, at 12 o’clock, stop.

PASTOR QUIBOLOY: Iyong 32, Mayor, hindi na nakita ‘yun?

PRESIDENT DUTERTE: Again?

PASTOR QUIBOLOY: Iyong 32 na nawala sa...

PRESIDENT DUTERTE: Wala, wala, wala. Wala --- hindi na... I cannot talk about it in public pero sabihin na lang muna natin na wala. But I can give you where they are by now at the collateral events that happened with that e-sabong.

‘Yung --- pero ang ano talaga ng tao dito sa Davao is law and order. Ang --- ‘yung makakalakad na sila. Kaya nung sa Maynila ang ginawa ko, ang order ko sa pulis ganito, ayaw kong makita ‘yang mga tambay diyan sa kanto. I do not want people drinking in public diyan sa sidewalk.

I do not want them standing there, loitering around kasi kung may --- magdating na ‘yung mga -- - lalo na sa gabi --- mga sales sa malls, mga empleyado ng mga mall. Magsara ‘yan mga nine, 10, pag-uwi niyan ‘yung sikmura nila maasim na. Kasi doon pagsakay nila tapos ma-holdup tapos pag-uwi nandiyan ‘yung mga tambay either hingian, mga lalaki; babae, hingi pati hipu-hipuin nila kung ano. Ah sabi ko maghintay tayo nito, ‘pag hindi, ah well, huwag na natin ‘yung pag-usapan ‘yung...

Kung ayaw mong huminto, nasa sa iyo ‘yan. Kung may nangyari sa iyo, pasensiya na. Sinabi ko, hinto. Sinabi ko, ayaw ko. I want to return to the people their right to use the public safely and secure. Huwag mong... Nandiyan kayo tinata --- sabi ko ayaw kong makita --- I don’t know if it’s still followed now, but I...

You know kayong mga commanders, do not forget that --- kasi medyo may ilang araw pa ako. If I think that you are not doing your duty, ang magawa ko is I will chastise you in public, reprimand you, ipakita sa public at tapos sabihin ko sa iyo, itong pulis na ito here is tamad na commander.

Kasi sinabi ko kayo mismo maglakad. Mag-civilian kayo, maglakad kayo. That's it. 'Pag nakita mo na malinis na, then that is the time that you might want to bring your family at night sa plaza. Lalo na 'yang Luneta, 'yung mga parks, 'pag --- 'pag nakita kita diyan, pick up-in, damputin kita. Ano ang mangyari? Ewan ko, 'yan na ang problema.

Iyang mga kriminal hindi nadadala 'yan sa... Itong droga. Ang droga, Pastor, if I did not interdict it... Pati 'yung mga mayors, ayan patay na sila pero... Itong mga barangay captains, there were thousands of them. Naging na --- ang gobyerno sa baba medyo ano na.

So during election time, itong mga durugista, the drug lords, would finance the candidacy of the mga --- magtulong sila. So that when they go --- run into trouble with the law, 'yung tawag ng --- tawag ng mayor, sabihin doon sa pulis na, "Ah i-release mo na 'yan, walang --- kaunti lang man 'yan." Iyong ganoon iyong politics plus itong ano.

Ang masakit diyan, 'yung isang pamilya, gusto mong sirain ang kalaban mo, gusto mo sirain 'yang kalaban ninyo? Maglagay ka lang ng isang --- bigyan mo ng shabu ang isang anak, 'pag nalulong sa droga 'yan, the family becomes dysfunctional.

At hindi alam ng human rights na milyon 'yan. Iyong milyon 100 million puro pusher 'yun, anak ka ng... Iyong lahat nahulihan because they are into drugs to sustain the habit --- not habit, but the...

PASTOR QUIBOLOY: Vice.

PRESIDENT DUTERTE: Iyong --- parang ganoon. They are slaves... Iyan ang mahirap diyan, you become slave to a chemical called shabu. Kung mayaman ka, walang problema, but the problem is ang shabu malakas dito sa baba. Iyong isang --- sabi nila mahuli ng isang --- 'yung maliit na balot sa plastic.

PASTOR QUIBOLOY: Sachets.

PRESIDENT DUTERTE: Oo. Iyon ang pasa doon. Ngayon, 'pag wala ng pera 'yun, magpabili tapos magnakaw. Ito, inuulit ko ito sa lahat ng nangyari, Pastor. Ang masakit sa akin is 'pag ang pamilya, may isa o dalawa diyan na adik, tapos na 'yan. At ganito 'yan, magnakaw nang magnakaw, 'pag wala ng pera manakaw para ipagbili doon sa kapitbahay na ang nakawin then 'pag wala, ito na.

Alam mo 'pag --- ipakita natin pastor 'yung mga ano, mga asawa na tinanggal. Tinanong 'yung anak ng pulis, "Saan sa mama mo?" Sabi niya, "Wala, nandiyan. Pinutol ang ulo ng papa ko." Iyong mga ganoon. At just recently, 'yung anak niya pinaghahampas niya sa...

Bago kayo maghusga sa akin, mag-usap tayo. Ipalabas natin 'yun, tapos tingnan natin. Kaya kung hindi kayo magkuntento, kayo ang isunod ko. [laughter] Nauuhaw ako sa mga...

PASTOR QUIBOLOY: So Mayor, noong na-Presidente po kayo, Mayor, nabigla kayo noong nakita ninyo ang kalala ng droga 'no. You did not expect that, that is how pervasive it was. Noong tiningnan mo 'yung dossier, nabigla po kayo, Mayor, na ganoon kalala 'no.

PRESIDENT DUTERTE: Sabi ko it will destroy the country, eventually, it will destroy the country kung malala na diyan tapos mga mayor pumasok na. Itong mga human rights.

Kita mo mga mayor sabi nila, eh kailangan sa korte. Paano diyan malagyan sa korte, mabayaran, naco-corrupt mo 'yang pulis, naco-corrupt mo 'yang prosecutor, naco-corrupt mo 'yang judge. Ang judge kuwentahin niya 'yung --- may pulis magkuwenta siya, pagkatapos niya magpulis ito 'yung ano niya --- mga sa baba, mga mag-abot siguro 'yan mga 7 million to... Itong judge kuwentahin niyo, itong prosecutor mag-retire siya mayroon siyang about mga 24 million. Eh kung bigyan siya ng 70 million? Anuhin man 'yang...

Kaya lumala because of... Eh sa Maynila, sabi ko kay Bato that --- binaon ko si --- dala-dala ko, bitbit ko si Bato sa Maynila, Presidente ako. Sabi ko, "Buksan mo 'yang records diyan. Tingnan mo kung sino 'yung sa gobyerno na involved." Lo and behold, six generals, police generals, mga...

PASTOR QUIBOLOY: Six generals ha? Wow.

PRESIDENT DUTERTE: Pinsan ito ni --- Putin na lang para walang... [laughter]

So when I realized after reviewing the records at 'yung usapan namin sa different police na malinis, uusap na kami, iniisa-isa ko, I realized that in fighting against drugs I was even fighting my own government. Iyon ang nakaano doon. Iyong mga pulis...

Kaya ito 'yung mga minsan nag-ambush-ambush na mga pulis na pulis rin, droga 'yan. Lalo na 'yung... Hindi 'yang uniformed kasi 'yung mga assistance ganoon. Pero itong nago-operate, naco-corrupt talaga, Pastor. Hindi ko nga akalain 'yung mga pulis na 'yun na ang laki ng respeto ko.

Alam mo... Have you noticed it? Basta I talk to everybody, nagsi-sir ako? Lalo na sila. Have you noticed that? Iyan ang --- binibigyan ko talaga sila ng --- the respect due them. Pero maski na ako hindi presidente, 'pag nabalitaan ko kayo, magyawyaw ako, dito --- talagang puputahin kita dito araw-araw.

PASTOR QUIBOLOY: Available tayo, Mayor. [laughter] Anytime punta ka dito.

PRESIDENT DUTERTE: Manghingi ako ng time every day, wala akong gawain. I will lambast you and... Wala akong problema sa inyo.

PASTOR QUIBOLOY: Any time of any day magpunta ka dito.

PRESIDENT DUTERTE: Sabihin ko sa kanila, you don't scare me a bit. Mamatay tayo diyan sa... Alam mo it's a matter of principle really. You have to do it because you have to do it. And you have --- maybe die doing it, mas maganda.

Kaysa mahulog ka diyan nag-akyat ka ng hagdanan... Nakita mo ba ako --- mag-akyat pa man ako ng spiral, 'pag --- maliit 'yung space, kaya 'yung second floor na may isang kuwarto lang 'yung pinagawa ko dahil nanganak na si Honeylet, si Kitty, nagpagawa ako ng...

PASTOR QUIBOLOY: Spiral?

PRESIDENT DUTERTE: Oo. Iyong ano niya sana 'yun parang roof deck or something. Ginawa ko na lang 'yung --- steel 'yan. 'Pag mahulog ako, Pastor, wala nang --- wala na akong makapitan. So rather than die na nahulog ka sa hagdanan, tayo na lang dito, anytime, anytime.

Because I know that --- 'yung nga, Pastor, itong tanong mo, why are you popular? Maybe because of my stand at 'yung nagawa ko. Tingnan mo ang Maynila, sabihin mo, "Anong nagawa mo, Duterte?" Eh 'di tingnan mo. Endless 'yung Skyway. Ayaw pang maniwala ng mga --- itong mga kritiko...

PASTOR QUIBOLOY: Mga deniers.

PRESIDENT DUTERTE: Kaya sabi ko sa kanila, eh 'yun ang sabi ng engineer eh na from Makati to Cubao, you can do it in five, seven minutes. Naging totoo talaga. Ngayon, itong mga bunganga na wala na, tahimik na.

At this time, tabla na tayo. Atakihin ninyo ako, atakihin ko rin. At alamin ko --- madali man mag-alam kung ano ka na pagkatao. So I still have the intelligence community, kaibigan ko naman lahat. I will know whether you are --- if you are a bastard or... So...

PASTOR QUIBOLOY: That's why, Mayor, 'yun pong ano ninyo --- 'yung promise ninyo na to destroy drugs, corruption, criminality within six months, it raged on for six years because of the enormity of the problem.

PRESIDENT DUTERTE: Iyong namatay na lahat dito, medyo tumahimik na, nandito na naman itong smuggling. Alam nila na papatayin ko talaga sila, 'pag nahuli ko sila diyan sa laboratory nila, patay talaga 'yan.

Wala akong pakialam diyan sa human rights. Wala akong pakialam kung sino. So maybe because of that policy, nagsara lahat. Ngayon, ang alternative nila is to import. Pasok diyan sa ano... Ang mahuli lang diyan 'yung magsalubong. Post office, package, returning Filipinos, tapos nandiyan o palabas, 'yun lang ang ano ngayon laro. Wala na 'yung... Kasi dito sa Davao, six --- it was New Year's Eve. Sa Dumoy?

PASTOR QUIBOLOY: Ah, 'yung mga Chinese.

PRESIDENT DUTERTE: Eh pumunta sila dito para lang mamatay. While it is very, very sad, it's a sad spectacle to die in another country. Totoo 'yan.

PASTOR QUIBOLOY: Pero 'yung laboratory nila sa ano po, Mayor, sa Toril, nakita at nakuha talaga 'yun natin.

PRESIDENT DUTERTE: Pati may mga baril sila. May mga baril sila. Ang nagsu-supply 'yung mga durugista. Alam mo sila makahawak ng baril --- psychology. Sila noon doon sa China, hindi 'yan sila makahawak ng baril, talagang firing squad sila.

Tapos 'yung pinag-aralan ko kung bakit nagkaroon ng armas, ito namang mga durugista, binibigyan sila maski 'yung paltik. Happy na sila masyado maghawak-hawak. Maybe not really to fight it out with the authorities. Pero 'yung --- tayo, pati ikaw, mayroon man tayong mga baril. Iyon ang nangyari doon.

Kasi nagtanong ako, bakit maghawak sila ng baril? Kasi alam ko na the usual, mag-segue 'yung istorya is that hindi ito nagdadala ng baril. So in many of the --- 'yung nahuli, 'yung mga Chinese mostly, not from --- pati 'yung mga galing sa Malaysia na Chinese, gusto nilang maghawak ng baril, maano sila eh, they're enamored by the gun.

Nagtanong-tanong ako diyan, nauna pa ako diyan sa mga sabi na walang baril, walang baril. Pagka humawak ka ng baril, maski hindi mo iputok, tapos --- patay ka. So 'yung six talaga sa... And what is really prophetic, itong Davao media, about a year before or eight months before, tantsa-tantsa ko lang, sinabi nila na what will happen if you discover that there is a shabu in our city? Kaya sabi ko, the players will not go out of the city alive. Naging totoo tuloy. Kaya sabi ko I have a gift of prophecy. [laughter] I can... Kasi namatay talaga ang mga buang eh.

PASTOR QUIBOLOY: Mayor, paano po nadiskubre 'yun sila kasi mataas man daw 'yung wall ng ano nila --- ?

PRESIDENT DUTERTE: Ano... Hindi ko lang masabi but we had --- may nagtulong sa atin. At alam mo nag --- for the first time nakita ko, Pastor, mayroon itong... Mayaman kasi sila eh sabi ko, mayroon 'yan sila parang periscope, tumitindig 'yung camera tapos parang ahas. Tapos ganoon, masisilip ka talaga.

PASTOR QUIBOLOY: So doon nakita po, Mayor?

PRESIDENT DUTERTE: But before that, 'yung opisina nila, nagpunta dito, nag-warning na ma --- may naka-schedule na magbaba dito. Maganda ang network basta mayaman ka eh, 'yung parang nagpaplano na pumunta daw ng Davao. So alam na namin na ano mayroon.

Paglabas pa lang nila sa eroplano, Pastor, may picture na. Pero wala pa 'yun, at the time --- hindi pa, eh walang violation.

Iyong mago-operate na, I decided na hayaan sila. Tingnan ko talaga kung ano ang pinunta nila dito.

So they started to manufacture shabu. Mid-December gusto nila pasukin na, nagluluto na eh, sabi ko, eh kasi fiscal ako, they must be in a possession of shabu. ‘Pag wala silang --- well, in a place under their control, bahay nila ganoon.

Kailangan may nakita na ako na shabu kasi sa korte ‘pag tinanong ‘yan, ‘yung mga mixture lang ng chemicals, formalin is one, diyan sa shabu na ‘yan, mga acid-acid, kung wala pang shabu mismo, sabi ko, madidisgrasya tayo sa korte. Kailangan...

PASTOR QUIBOLOY: May ebidensiya?

PRESIDENT DUTERTE: They are in possession or in a place where it is under their control. Kagaya ng baril, ‘pag ginanoon mo lang na hinulog mo tapos --- o tinapon mo ‘yan, nakatindig ka lang, pagdating ng pulis magsabi, “Ito, iyo ito.” And they will file charges against you, illegal possession of firearms. Illegal possession, that’s the word, “illegal possession”. Kung hindi sa possession mo, wala.

Kung hinahabol ka, tapos itapon mo diyan sa Bangkerohan, wala na. Pero kung ang pulis, itapon din kita doon sa... [laughter] Para wala na akong problema. Bukas magbili ka pa na lang ng bago. Itapon na lang rin kita. Eh sabi nila, “Mayor, ‘yung tinapon mo hindi man ‘yun, mali ‘yun.” “Ah ‘di hulihin mo ‘yun, itapon mo rin para dalawa na.” [laughter]

Alam mo ang... Basta mayor lang, hindi naman nagtatapang-tapangan ka. Hindi naman tapang ang quality ng isang ano na mayor na tapang-tapangan. Pero dito ngayon, iron hand ka talaga.

PASTOR QUIBOLOY: Yes, basta drugs.

PRESIDENT DUTERTE: Drugs and itong mga kidnap-kidnap, lalo na ‘yang mga kidnapper. Tapos matapos mag-ano ng --- magbigay ng ransom, patayin mo pa rin.

PASTOR QUIBOLOY: Sa survey po, Mayor, 99 percent ba ‘yun of crime is because of drugs ‘no.

PRESIDENT DUTERTE: Ang --- ayaw kong magyabang pero totoo ito, maski itong mga human rights alam nila. That what is stopping the criminals from doing sabi ko, huwag dito sa siyudad ko. You go out. Bigyan kita pamasaha, doon --- nandoon sa --- sa Maynila kayo magkalat. Huwag dito, sabi ko, kasi ‘pag hinuli kita dito, hindi naman ako naga-ano, basta binibigyan kita ng chance.

I remember na ano itong shabu, I was in Cainta the other night, nag-rally. Then I remember a case there that pinatay ‘yung tatlo o dalawang magkapatid sa Cainta, Rizal kasi nagpunta ng abroad, nagtrabaho. Mga mayaman na, may pera na. Iyong mga gangster doon inakyat ‘yung bahay, ginu --- kagaya ng style ‘yung the famous ‘yung --- acquitted, they forcedly accused. Ito sila inakyat rin nila ang bahay, ni-rape nila, tapos pinatay nila.

Ang mga ugok nagsi – ganyan ang kriminal – nagpunta ng ibang bayan. May dalawa pumunta dito sa Davao. Eh ‘di ‘yung pang-amoy ng ano, ‘yung intelligence. Eh maski dito ngayon may –

mayroon ‘yang nakikinig na intelligence sa atin. ‘Di nahuli sila tapos vine-verify ng pulis doon na... Eh ‘yun ‘yung mga tao na hinahanap nila. So inaresto.

Papunta na ng airport kay naka --- talagang ‘yung ano parang extradition. Pinabalik ko sa ano diyan sa kanto ng ‘yung papuntang terminal. May tubig diyan, may opisina man ‘yan, may tubig pa, parang fish pond na malaki. Inagaw nila ‘yung manibela, nahulog ‘yung ---

PASTOR QUIBOLOY: Sasakyan.

PRESIDENT DUTERTE: --- ‘yung sasakyan, pati ang pulis nahulog. So nagbarilan sila doon. Hindi na nakauwi ng Cainta. Ah nakauwi, pero kabaong na. [laughter] Iyon ‘yung...

PASTOR QUIBOLOY: Bago lang ‘yan, Mayor? Bago lang?

PRESIDENT DUTERTE: Matagal na, mga... Basta ‘yung mga famous nung inaakyat ang bahay, nire-rape, Cainta ‘yung sa...

PASTOR QUIBOLOY: Ah oo, oo. Cainta ‘yun.

PRESIDENT DUTERTE: Nag --- noong isang gabi sabi ‘yun, kayo man ‘yun. Giprangkahan ko talaga sila. “Oh galing dito ‘yun sa inyo.” Sabi ko ‘yung droga. In every venue, every... Kung na – bigyan mo ako ng panahon makapagsalita, I would always invariably zero in sa... Dysfunctional. Tapos ang meager, almost a pittance, magtrabaho construction workers ganoon, tapos mag-ano ng shabu. Pagdating sa bahay, wala ng pera o kakaunti na lang o hindi na talaga magbigay.

Eh usually doon sa mga – diyan sa areas na... Ayaw ko naman eh, I do not want to characterize the... Basta ‘yung pagdating ng bahay walang pagkain, bugbugin pa ‘yung asawa. Eventually maghiwalay, ang mga bata maliit pa. Eh alam mo naman isa, dalawa, tatlo, apat, lima ang anak.

Tapos ‘yung asawa maglayas, magpunta ng ibang bayan, Middle East just to escape the maybe the physical punishment pati para makapagtrabaho, makapagdala siya ng pera doon sa mga anak niya hoping na it will help doon sa pag-aaral kaya lang siya tinitiiis na niya.

And you know sabi ko I was in --- many, many years ago congressman ako. May isang --- dalawang taga-Digos, isang taga-Toril. Alam mo naman... Nahuli sila kasi nagbigay ng ‘yung rosary. Sus, sabi ko, bakit of all the stupid things that – bakit ka mag-distribute ng rosaryohan doon sa...? Buti sana kung si Rosaryo mismo. [laughter]

So nagpunta ako at sinabi ko... Si King Fahd at that time was may dementia na. So nagpunta kami doon, binubulong sa kanya. But we were so lucky na parang pumayag. So ecstatic ako masyado na, well, dadalhin ko na sabi ko i-deport na lang, dadalhin ko sa --- o bigyan ko ng pera.

Pero sabi ng adviser ni King Fahd, “You better talk to your counterpart.” Eh nagpunta ako doon, congressman. I was a member of the Law and Order Committee. Ako lang ‘yung interesado kasi

taga-Davao, taga-Mindanao. Dala-dala ko ‘yung mga congressman na Muslim. Sabi ko, “Halikayo, tulungan ninyo.” And the – ‘yung provinces na may Moro congressman ‘yung – sila ‘yung nag-bridging.

Pinapunta ako doon sa counterpart ko. Iyong counterpart ko naman nagprangka, sabi niya, ito sabihin ko lang sa iyo ‘to. It is not universal – ibig sabihin na hindi lahat, pero mayroon – but sa Arab kasi if you work for a certain family or a certain person, you are a - or you are a slave bought from the slave markets in Africa, sabi ng counterpart ko how would I – I do not want to -- - I’m hesitant to go public but may --- magkakaroon ng dynamics ‘yung nakikinig eh, maglaro ‘yung utak. Sabi niya ‘pag nagtrabaho doon na ganoon ka, rape is part of the territory.

PASTOR QUIBOLOY: Parang they own you.

PRESIDENT DUTERTE: They own you. You are considered a property, ‘yan ang problema. I do not want to talk about the Arab culture maybe or subculture nila ‘yan kasi I’m... You know, I cannot – mayroon pang mga Pilipino, millions of them are working there. So I have to just be – not really diplomatic but maybe just a simple report to the people kasi Pilipino eh tapos mga taga-Davao maraming nagtatrabaho doon. Basta ‘yan ang...

Ngayon, all the years magpadala ng pera, working, enduring the derogation of his – their dignity. Kinakagat na lang niya but she keeps on sending money to the family para makapag-aral ‘yung mga anak. And after three or four years of working there, she comes home. Pag-uwi dito, only to see na ‘yung mga anak nila hindi nakatapos, wala pa, naging adik pa.

So where’s justice there? Huwag natin pag-usapan ‘yung justice na patayan, ‘yung sabihin ng human, where is justice? Ito, where’s justice there? Iyong mga bleeding hearts talking about refusing to see and understand na there were millions na nag-surrender on TV na puro payat na emaciated ang katawan kasi hindi kumakain ‘yang – inom, mag-inom talaga ‘yan, mag-inom ng alak. Hindi kumakain kaya payat. And slowly they become parang ano na talaga – what would be the – parang robot na lang.

Ngayon kung walang pera, maghanap ng pera, magpatay ng tao. Ang hindi alam ng Pilipinas is ‘yung mga tao na nag-surrender nakita niyo sa TV, Manila lang ‘yun area. No numbers were given to us or shown to the public or to me ‘yung mga drug addicts all throughout the country. Manila lang ‘yung naka-focus doon eh.

Ngayon sa probinsiya, dito sa Davao, karami. Alam mo the only thing that would prevent ‘yung itong ano sa isang — maybe leader because I was the mayor, is may --- the element of fear. Ulitin ko ‘yan. Takot ‘yan sila dahil... Pero kung sabihin mong walang takot? Ah wala.

Iyong mga city mayor diyan na nasa droga lalo na ‘yang si Mabilog, galit sa akin naglayas. Ngayon marami ng daldal na hindi na ako Presidente. Sige halika, umuwi ka dito. T***... Iyong sa ano sa Ozamiz, ‘yung sa si Espinosa ng Leyte. Eh lumaban sa... Wala akong magawa. Lumaban eh. Hindi naman... May mga pulis na lalo na kaagad may mga TV networks nandiyan kaagad.

Kailangan talaga matakot. Kagaya ng isang anak. Why do we obey our parents? It's because one is that out of respect sumusunod ka. But there is one element also, fear, takot ka. Eh kagaya ko, takot ako kasi...

Alam mo, Pastor, sa totoo lang, I'm not trying to be funny, noong maliit pa ako noong high school, siguro mga lalo na sa weekends, Saturday, Sunday, marami ka mang --- you know you go around, may kasalanan ka talaga na alam mo pagdating doon, ang nanay ko kung anong mahawakan nun ihampas talaga sa katawan ko.

PASTOR QUIBOLOY: Pareho pala tayo.

PRESIDENT DUTERTE: Pagkatapos niyan may last chapter pa, nandiyan pa 'yung si Hesukristo ngayon sa altar.

PASTOR QUIBOLOY: Crucifix.

PRESIDENT DUTERTE: Paganunin ka, nakaluhod ka, ganoon ka rin. Anak ka ng... Tapos kung magbaba nang kaunti, pak, taas mo, "leche kang anaka ka."

Tapos magtingin ako sa... Nakatingin man si... May ibang statue kasi si Hesukristo nakaganoon eh, "Father, why hast thou forsaken me?" Eh siya 'yung dito. Sabi niya, ikaw Rodrigo, ako ilang taon na ako dito sa bahay ninyo? [laughter] Pareho ang suwerte natin.

Fear. 'Pag walang takot, wala. Pero 'pag ikaw may plano kang magtayo ng shabu dito o small time na shabu factory, alam mo 'pag nalaman kita, papatayin kita. Totoo. Hanapan kita ng paraan. Paglabas mo, sagasaan kita kunwari ipalabas ko lang aksidente, parang ganoon. Maglakad ka sa hagdanan sundan kita, itulak kita.

Maraming paraan, hindi naman kailangan 'yung baril eh. Patayin kita sa totoo lang basta huwag ka nang lumabas ng bahay, sigurado ka. Aksidente. Ang abot sa'yo traffic report.

PASTOR QUIBOLOY: So 'yung cliché mo, mayor, doon po sa TV na palaging pambungad, "My God, I hate drugs." Iyon talaga ang tumatak 'no.

PRESIDENT DUTERTE: Totoo. Kasi you know, iyong sabi ko 'yung one million na 'yun, marami pang... Hindi naman siguro but they can altogether, it could reach the number of mga 3 million.

Itong 3 million o 'yang 1 million nakita lang ninyo sa Maynila, drug addiction pati drug pushers 'yun. Iyan ang hindi alam ng... Kasi itong mahirap, sabi ko nga 'pag binenta ko sa iyo at nalulong ka ng one week libre tapos bayad ka na, hanap ka na kung saan ang pera.

To sustain your habit, kailangan ka maghanap na ikaw rin ang magpabili. Iyon namang maghanap 'yun ng kung sino 'yan.

PASTOR QUIBOLOY: Mga drug pusher na silang lahat.

PRESIDENT DUTERTE: Ganoon 'yan mag...

PASTOR QUIBOLOY: Oo.

PRESIDENT DUTERTE: And every family na tinamaan niya, lahat 'yung pamilya nu'n dysfunctional. Kaya ngayon kung may asawa magpunta doon sa ano, it is not only very, very unfair sa tao.

Galing trabaho maglakad tapos patayin mo. Kagaya noong incident na 'yung bank, 'yung sa teller, dalaga. Umuwi siya. Ang lakas ng ulan, there was a heavy downpour, maybe raining cats and dog. May dito sa tabi may mga construction diyan, natutulog 'yung mga construction workers diyan.

Isang gabi, umuwi siya katok siya nang katok. Hindi marinig ng tatay 'yung matanda pati nanay. Siya lang ang ---iyong iba nag-asawa na eh. Sige siya katok. Noong nakita noong mga drug addict na mga construction workers, kinuha siya, tinabihan lang at binitbit siya doon sa ano.

Ni-rape siya, sinunog pa nila 'yung katawan. Katok eh. Hindi man nila masunog 'yun ng ano. Basta binuhusan ng kerosene at sinunog 'yung katawan.

PASTOR QUIBOLOY: Grabe.

PRESIDENT DUTERTE: Iyan ang nanay pati... Iyong sabi ko na last week. Nakita mo 'yung bata na ulitin ko paano hinampas ng tatay? Tapos you... Pakitaan mo ako na "Ito 'yung pinatay ni Duterte." Tama. Tama talaga. Pero sige, punta tayo ng korte. Tignan natin. May korte tayo eh.

Pero sabi nila, "Ikaw ang nagpatay. Sabi mo 'patayin mo.'" Tama, tama talaga 'yan. Kung hindi ka pa mag-sige tanong, ikaw na ang isusunod ko. [laughter]

Iyon man lang siguro, Pastor. I don't know if you have...

PASTOR QUIBOLOY: Mayor, siguro that is why you remained so unpopular because of your uncompromising stand against the effects of drugs on criminality and until now your stance pareho pa rin.

PRESIDENT DUTERTE: Hanggang kamatayan 'yan, Pastor. Because ako wala akong makuha. Sinasabi ko eh pati kay... Galit kayo sa akin na sabi nila killer ako pumapatay ako ng tao. Bakit? Tanungin ko kayo. Anong makukuha ko?

PASTOR QUIBOLOY: Oo, tama.

PRESIDENT DUTERTE: Tao mag-hunting ako? Ano 'yan makain mo ba o patayin mo? Wala akong nakuha.

PASTOR QUIBOLOY: Hindi ka magyaman.

PRESIDENT DUTERTE: Galit pa sila. Oo, wala akong perang ma... Wala akong pera na makuha diyan. Wala man kami. Nagnanakaw nga nagpapatay nga ng tao eh. Anong makuha ko? Nothing. Why? Well, I'm just doing my duty.

Do you have to kill him? Well, sino bang gustong pumatay? Maghanap ka dito ng tao na medyo hindi naman ako nag-drug user na sira na ang ulo. I do it or I did it for your children para sa inyo sa tao hindi para sa akin. [applause] Wala akong makuha diyan.

Ni singko sentimos wala akong nakuha diyan. Galit pa 'yang mga... Kaya 'pag gusto pa ako balikan, sabi ko, you wait the day na hindi na ako mayor at papatulan ko kayo, mayaman o mahirap. Wala. Basta ang trabaho ko, 'yan. Kung hindi ka naniwala, masagasaan ka. Eh kasalanan mo 'yan.

Ako sabihin ko, well, it's my duty. My duty is to stop or control the drug menace in our society. Sabi nila na I went out of bounds because pinatay ko. There is no prescribed rule there, alam mo, batas lang 'yan. Walang ano. Iyang libro mo diyan, batas, hindi makatulong 'yan sa what really is the situation in a community in our country.

When the... Kita mo ang Amerika. You know nagpunta kami sa Amerika, kaming mga congressman noon. Nagpunta kami sa Washington, nag-ikot-ikot kami tinitingnan ko 'yung lugar. Tapos ang pulis... Alam mo, ang mga pulis sa Amerika 'pag marami kayo sa kotse, medyo...

PASTOR QUIBOLOY: Duda na.

PRESIDENT DUTERTE: Oo, magduda 'yan eh. Check lang tapos ganoon. "So guys, what are you doing?" "So, well, we are seeing the place of the Washington DC." Nagsabi siya, "You are about to enter or you are near a place..." sabi niya, parang Sta. Ana dito o Bangkerohan. "Do not go inside there because you might not come out alive."

Ganoon dito sa --- diyan sa Agdao. Pero noong sinabi ko na gusto ko... Tinawag ko 'yung pulis. Pulis, halika. Dalhin mo 'yung asawa mo pati anak mo, maglakad kayo mga alas tres, alas kwatro ng madaling araw, ala una, o anak mong babae papasyalin mo ng gabi. 'Pag umuwi 'yan walang nangyari, 'yun ang gusto ko para sa lahat kaya nalinis ang Davao.

Iyang Agdao na 'yan 'pag pumasok ang pulis diyan noon, patay sigurado. Kayo alam natin, taga-Davao.

PASTOR QUIBOLOY: Yes. Yes. Kami taga-Agdao kami.

PRESIDENT DUTERTE: Si Pastor kaya ko nakilala 'yan eh.

PASTOR QUIBOLOY: I'm from Agdao.

PRESIDENT DUTERTE: Ang Agdao noon... Kasi mahilig ako sa baril. Mahirap lang ako kasi so ‘yung nabibili ko ‘yung luma na ano. Ngayon, ‘yung may mahusay doon sa Agdao nagre-repair siya ng baril. Iyong bahay niya sa likod lang ng kapilya ni Pastor.

PASTOR QUIBOLOY: Maliit.

PRESIDENT DUTERTE: Kapilya lang. Tingnan mo how --- ‘yung journey ni pastor from kapilya. Siguro may naki --- baka isa doon si Ingrid na pati si...

PASTOR QUIBOLOY: Yeah, si Ingrid was the ano, pioneer workers.

PRESIDENT DUTERTE: Mga siguro may mga constituency niya noon mag-abot siguro ng --- mga nakita ko palagi ‘pag magpunta ako 12, 13, 14.

PASTOR QUIBOLOY: Fifteen, Mayor, 15 members.

PRESIDENT DUTERTE: Tapos magsenyas lang ako makita ko si Pastor, ganyan lang ako for respeto mag-bow ako ng ganoon. Noon sa Agdao walang makapasok, ako lang ang makapasok doon. Hindi pa ako --- hindi pa ina-acknowledge ni Pastor, magtanong ‘yung NPA, “Anong ginagawa mo dito?” Eh sabi ko, “Magbisita ako sa appointed son of God.” [applause and laughter]

Alam mo, ‘yang mga NPA na ‘yan takot rin ‘yan mamatay. At sino bang tao na...? Walang tao na --- unless... Kaya magsa --- kaya pagsabi mo na nagdadasal kami dito.

Sa Agdao noon wala pa bang --- ako lang ang... Fiscal ako noon, prosecutor ako noon. And to think that I was prosecuting them. Eh trabaho ko eh. Alam mo ang nangyari sa akin? Publicly. Pumunta ako sa Paradise Embak, pababa doon may ospital. Kakampanya ako. Pagdating ko doon, pumunta ako sa national --- ospital doon. Pero ang ospital doon walang medisina. Wala. May bata doon na nabuhusan ng kerosene, nasunog ang katawan, dumidikit ‘yung ano eh.

PASTOR QUIBOLOY: Balat.

PRESIDENT DUTERTE: Oo, tapos puro infected talaga. Kulang ‘yung injection. Sabi ng mga doktor kailangan ano, to ease the pain kailangan niya ng antibiotic na ointment. Ang sinabi ng doktor bilingin ko, Furacin. Wala man akong pera noon, pumunta ako kay Sammy Uy. Sabi ko, “Sam, mayroon akong --- nagkakampanya ako doon,” sabi ko, “may pinangakuan ako na babalik ako dito, dalhin ko ‘yung medisina.”

The following day, umakyat ako doon. Diyan sa Paradise Embak bago ka baba doon sa ospital, nag-checkpoint ang... Pero sinabihan na ako ng mga tao doon sa... “Sir, huwag kang pumunta diyan kasi nandiyan sila sa --- parang nagche-checkpoint.

Eh sabi ko wala naman akong ano, trabaho ko ‘yan. “Kasi lalo na ikaw balita na fiscal.” Trabaho ko ‘yan. Huwag ninyong isali ‘yan. Ito kampanya ko for mayor. Pagdating ko doon sa kanto, nag --- kinanggaroo (kangaroo) court ako nila. Hinostage (hostage) ako ng mga NPA. [laughter]

Hinostage talaga nila ako. Tapos, “Di ba ikaw ‘yung fiscal?” Blah blah blah. Sabi ko, oo. Trabaho ko ‘yan eh. ‘Pag hindi ako magtrabaho, hindi ko kayo ipo-prosecute, anong kakainin ko? Anong ipakain ko kay Pulong pati kay Inday? [laughter]

Buntis noon si ano. Noong tinutukan nila ako ng M-14 dito sa ulo, ang pasok --- ang napasok sa isip ko, Pastor, ‘yung bata. Sabi ko, kawawa naman si Baste. Hindi na makakita ng tatay niya. Buntis noon si ano eh. Nakita mo ‘pag --- ‘yung nag-oath ako dala-dala ‘yung maliit na infant, si Sebastian ‘yun. Ngayon, naging mayor ninyo.

Pero mabait si Baste. Sa tatlo na ‘yan. Si Pulong [garbled] Ito. [laughter] ‘Wag ko lang ibanggit kasi baka ma... [laughter] Ito ‘yung... Ngayon apat na. Dalawang babae, dalawang --- si Kitty, pero sa second wife ko. Iyon ang hindi ko makalimutan sa pagka...

PASTOR QUIBOLOY: Mayor, that’s one of the real threats that could happen when you step down on June 30 is the reprised insurgency of the CPP-NPA-NDF. Do you think the next administration should pursue another round of peace talks at the negotiation table with the Reds?

PRESIDENT DUTERTE: It depends, Pastor. If the President, whoever he or she may be, basta suportahan lang niya ang military at bigyan niya lang ‘yung kailangan just like what I did...

PASTOR QUIBOLOY: Yes, Mayor.

PRESIDENT DUTERTE: Suportahan mo at... Ang takot ‘yung military sa human rights. Ang mga pulis ganoon rin. Pero ‘pag sinuportahan mo, ito ha, ‘pag performance of duty or you commit or you happen to commit a crime, kayong mag... Alam mo ‘yung bala ‘pag pumasok ‘yan sa tao, lulusot ‘yan ng iba, makatama ka ng ibang tao. Doon ka magkaleche-leche.

Doing your duty o maski na ‘yung mga kriminal, magfa-file ng kaso ang mga pamilya, tapos haya --- hindi mo dipensahan, hayaan mo sila, ah mahirap ‘yan. Pero kung sabihin mo, iyan, go out and hunt them down, that is your duty as a law enforcement officer or a military, fighting the rebels. Huwag kayong matakot basta ‘yung kaso ninyo is in connection with the performance of an official duty, I will --- kakapotehan kita.

PASTOR QUIBOLOY: Yes.

PRESIDENT DUTERTE: So gaganunin ko talaga. Kung ano... Alam mo ‘pag ang --- lalo na pulis, the day that they are suspended, alam mo ‘yung paminsan --- ‘yung araw na ‘yun, wala na ang pagkain. Mawala na ang --- dahan-dahan, in a few days, wala na ang pagkain. Ang mga bata wala ng baon sa eskuwela, wala ng pamasaha.

Diyan noon bakit --- sabi nila, eh bakit noong ano walang namamatay panahon ng ibang administrasyon? Bakit ngayon lang ito? Kasi nagtatrabaho ang pulis at military at hindi sila natatakot kasi nandiyan ako.

Ngayon, ‘yung pulis na may dalawang asawa o nakapatay dahil nandoon diyan sa bar-bar, nakipagbarilan, huwag kang magpunta sa akin kung hindi barilin kita. Sinabi ko talaga, oo totoo

‘yun, sinabi ko ilang beses na, hindi naman ako nagyabang. Talagang kung abusado ka tapos ‘yang extortion na ganoon, hindi tayo nagka --- you know hindi tayo magkaintindihan sa usapan? Magkapatayan talaga tayo.

Iyan ang --- ‘yan ang mahirap diyan sa ano. Ngayon, ‘yung panahon ko, bakit maraming --- Agdao sa trabaho ninyo ‘yan. Hayaan ko precinct commander, station commander, kaya mo? ‘Pag hindi mo kaya, takot ka sa kaso o takot kang mamatay o pumatay, ayaw kita.

Bakit ka... Lalo na ‘yung duwag. Pero kung magtrabaho ka diyan, ako nasa likod mo ako. Wala kayong problema. Iyan ang --- mahirap, kawawa itong ano. Alam mo itong pulis, imbestigahan siya ng NAPOLCOM, ipatawag siya doon sa region tapos imbestigahan siya ng fiscal. Ang kawawang pulis hindi ma --- walang ano, at walang --- karamihan diyan magkakaso walang abugado.

PASTOR QUIBOLOY: Oo, Mayor.

PRESIDENT DUTERTE: Kaya ito iano ko sa iyo, through your program, I’d like to tell the --- the entire police, it’s about 200 something or 30 plus, pati military, huwag kayong matakot, ako mismo ang tutulong.

Kung walang magtulong sa’yo, ubusin na muna ninyo ‘yung nasa itaas pati baba. Kung wala nang magtulong sa inyo, tawagan mo ako. Tawagan mo lang si Bong at ako mismo, I’m a lawyer, I will defend you in court. [applause]

PASTOR QUIBOLOY: Very good, Mayor. Ang isang development, Mayor, on the drug war have this growing call for the detained Senator Leila De Lima to be released after the star witness recanted his statement and said the police pressured him to lie.

Also, former Bureau of Corrections OIC Rafael Ragos revealed that his accusations against De Lima were false and former DOJ Secretary Vitaliano Aguirre only coerced him. De Lima is one of your fiercest critics, how will these recantations affect her case in court, Mayor?

PRESIDENT DUTERTE: They were not part of the... Itong si Ragos, well, he was a witness, but overall, we think that we can still prosper in the prosecution of De Lima.

Iyong kay De Lima she si ranting, calling me names, eh babae ka kasi ma’am eh, so ayaw --- ayaw kitang babuyin sa ano. Hayaan na lang kita. At itong rason, ang rason why? Itong gagawin may ano ‘yan, kung manalo si ano, ang kandidato nilang presidente, ito lang ito, pardon ‘yan. Huwag kang mag-alala, pardon ‘yan or nabayaran.

Itong si Ragos, ganoon rin, pera ‘yan. Pera-pera ‘yan. Alam mo nag-retire na ‘yan. Ang retirement siguro mag-abot lang ng mga sa range niya about siguro mga 15 million to 18 [million], hindi na maglampas diyan.

Ngayon, nag-retire na ‘yan. ‘Pag ‘yan na ngayon ang kuha mo 15 million plus to --- palagay na natin 20 [million]. Tapos nabuhay ka hanggang at the age of 90, ‘yang 15 million mo na ‘yan,

Pastor, in three to four [**PASTOR QUIBOLOY:** Years] wala na ‘yan, kulangin ‘yan. Pagdating mo ng 85, 87, may sakit ka, wala ka nang pang-medisina, tapos na ‘yan.

Ngayon, kung ikaw si Ragos, offer-an ka ng 50 million, saan kunin ni De Lima ‘yung pera? Sa drug lords. Eh siya ‘yung napreso dahil --- tinutulungan na nila siya ngayon sigurado.

Walang tao na magpunta sa korte --- to tell the truth and nothing but the truth tapos mag-recant ka ng ganoon after a few years. Bakit ka magpakulong? Pera-pera ‘yan and may ano ‘yan.

PASTOR QUIBOLOY: So Mayor, under oath naman po ‘yun sila. What happen to them when they recanted?

PRESIDENT DUTERTE: False testimony.

PASTOR QUIBOLOY: Perjury?

PRESIDENT DUTERTE: Oo, perjury kung affidavit.

PASTOR QUIBOLOY: Oo, kasi under oath eh.

PRESIDENT DUTERTE: Oo, ganoon ‘yan. So si Aguirre, sinasabi niyang coerced, how can...? Ako? Classmate ko man ‘yan, ‘yan ang abugado ni Webb eh. Kung ako mismo na war of --- undersecretary of --- NBI siya tapos takut-takutin mo ako ng ano. Sabihan ko si Aguirre, bakit mo ako takut-takutin? Bakit mo ako papirmahin ng hindi totoo? Hindi man buang ‘yang mga ‘yan.

Iyon talaga sa trabaho nila, ito pera and some commitment for... Tingnan mo kung nanalo ‘yan siya, pardon ‘yan si Espinosa.

PASTOR QUIBOLOY: Pero compounded ang problema po nila Mayor dahil under oath?

PRESIDENT DUTERTE: Oo.

PASTOR QUIBOLOY: So they can be charged?

PRESIDENT DUTERTE: Either sa --- kung naka false testimony or ‘yung perjury kung sa affidavit.

PASTOR QUIBOLOY: Kaduda-duda because bakit ngayon malapit na ang eleksyon and they think na ‘yung manok nila mananalo, dito pa magre-recant, why not before?

PRESIDENT DUTERTE: Kaya kung mananalo si Leni Robredo, pardon diyan si ---

PASTOR QUIBOLOY: De Lima?

PRESIDENT DUTERTE: De Lima pati ‘yung ano. Iyan mamili kayo. Choose. This is not a [brief?] for si kay Marcos pero si Marcos walang... Iyong you know, ‘yung nakaraan. Huwag mong sabihin human rights violation, ako pa siguro kay nasa trabaho ako. Tapos ‘yung pera ninakaw, eh hanggang ngayon wala naman silang nakita.

Ito kung maniwala kayo; kung hindi, okay lang. Marcos, may kaunting pera naiwan. Na-sequester lahat eh, pati ‘yung sa Switzerland.

PASTOR QUIBOLOY: Lahat, oo.

PRESIDENT DUTERTE: Wala na --- walang magawa. Alam mo noong kampanya sa senador, nakikisakay lang ‘yan siya sa akin.

PASTOR QUIBOLOY: Totoo ‘yun, Mayor.

PRESIDENT DUTERTE: Kung saan ako... Ayan si Bong Go. Kung may pera siya noon o wala, but magtataka kami, kaming dalawa magsabi niyan, walang pera ito, wala ng pera.

At simula noong wala naman, simple living lang siya. Wala siyang sabihin mo talaga na... Kaya mahirap ‘yung... Hindi naman siya mapagkatiwalaan ng bilyon-bilyon, bata pa siya noon eh. Of course, it’s their --- ma-inherit nila ‘yan but that would be a very, very tedious process.

PASTOR QUIBOLOY: Ito namang ATL po, Mayor, itong Anti-Terrorism Law. The Supreme Court has affirmed the constitutionality of the controversial measure with human rights groups and advocates have described as draconian. Under the Anti-Terrorism Law alleged underground organizations of the Communist Party of the Philippines-New People’s Army are tagged as terrorists. How would this address concerns that the ATL or Anti-Terrorism Law would only worsen the human rights crisis in the country?

PRESIDENT DUTERTE: You know, just do what is right. Huwag ka nang lumayo doon sa your obligations as a citi --- you know, citizen, you have the responsibility, we have all responsibilities na Pilipino tayo. Sabi ko, just do what is right.

Now, ngayon sila they are rebels, insurgents really na wala na --- it’s bereft of any ideology, wala na talaga ‘yan, patay na ‘yang kanilang ideology and yet they continue to wage war.

Now, ‘yung terrorism, as a matter of fact, was a desperate measure. You know why? Itong giyera natin sa NPA, sa Communist Party, has lasted for more than for 53 years na tayo, 54, 54 years. We are the only country actually fighting insurgency dito sa Asia. Tayo na lang. For 53 years wala talaga because our legal system sa atin, ‘yun nga, ‘yung nasa Terrorism Law, nakalagay diyan ‘yung mga bagay-bagay na --- to make it hard for us really to dismantle them.

Kaya it --- it would be easier now really to just --- ‘yung terrorism, it’s an --- actually a vehicle for fighting the rebels who are out to destroy the government. Iyan man ang ano nila, bakit ba ‘yan sila nag --- why are they fighting until now? Kasi ito may naiiwan, kita mo ‘yung mga congressman? Sila Zarate.

PASTOR QUIBOLOY: Iyong “KABAG”.

PRESIDENT DUTERTE: Ang problema nito, ganito, I dare say na karamihan, lahat, dito sa malalaking negosyo na mayroong --- mga construction, there’s a lot of hotel, itong mga agricultural factories natin, lahat dito maghingi ng pera ‘yan. Lahat ng malls, all over the Philippines may...

May mga branch dito, mga mall dito, branch dito, branch doon, humihingi talaga ‘yan sila. They are earning millions. Siguro hindi naman mag-abot ng bilyon, Nagpupunta ‘yan doon sa mga --- dito sa politburo sa itaas. Ang buhay ng mga politburo kagaya nila Sison at et al, ‘yung mga doon nandoon sa Europe, maganda ang buhay doon, may pera sila. They are living it off like --- comfortable life.

As a matter of fact, itong anak ni Zarate, who pretends to be poor, doon sa Europe, sa London nag-aaral. At kayo doon, wala namang source of income, hindi naman nagbibigay ‘yung mga gobyerno ng per --- ng stipend nila or honorarium just to be there, how can they sustain the lifestyle? Maski na sabihin natin simpleng buhay, ganoon katagal, wala silang trabaho. They are not allowed to work because they are foreigners.

Now, I’m asking everybody, how do they sustain ‘yung buhay nila doon? Kaya itong mga --- itong mga regulars nila sa main guerilla units, kayong mga sundalo na NPA nagpapakamatay kayo para sa isang grupo na humawak ng ideolohiya noon at hanggang ngayon pinapaniwalaan pa ninyo. Anong --- anong nakuha mo? Kayong mga nandiyan?

Minsan ‘yung iba --- si Oris at the start nandiyan na ‘yan, o namatay, nasa bukid pinatay ng sundalo. O ‘yung iba, tapos mamatay ka, ilibing ka lang diyan about --- tamang-tama lang na --- a hole just enough for your body to fit in and be covered with soil in the forest where you are buried. Iniiwanan ninyo ‘yung pamilya ninyo, iniwanan mo ‘yung asawa mo, magpapakamatay ka?

Ano ba kayong mga NPA? You hope to what? You cannot even hang on to a barangay for 24 hours. What the hell are you thinking right now? Wala. Makipaglaban lang, animal kasi ‘yang baril, ano... Ang tao sa bukid makahawak ng baril, ma-enamored nga eh. Iyong entitlement na sumunod ka sa amin kasi...

PASTOR QUIBOLOY: Na magka-power siya.

PRESIDENT DUTERTE: Iyong mga mahirap doon sa bukid ang... Wala. So hindi ko malaman talaga kung ano ang... Ako kung --- I used to be... Kaibigan ko si Sison eh. Alam mo lahat tayo nagpunta dito sa Mindanao, hindi man tayo original dito. Ang karamihan sa atin mahirap, greener pasture.

Ngayon na mayroon na tayong, maganda na ang lugar gusto ninyong sirain. And a lot of the migrants in the early days came here sabi ko, gubat pa ito. Iyang Agdao non-existent ‘yan, tawag niyan pagatpatan sa Bisaya. What’s the pagatpatan in English? I forgot the...

PASTOR QUIBOLOY: Parang marshland.

PRESIDENT DUTERTE: Oo mga --- parang ganoon ho. Ito, ito, lutang ito sa tubig lahat.

PASTOR QUIBOLOY: Mayor, on a lighter note, what can you impart to the Filipino people about your learnings as a public servant starting from being a prosecutor to President?

PRESIDENT DUTERTE: Well, for a president, who will succeed me in a matter of days, ang ano ka lang is --- sa Pilipino, 'yung presidente just stick with your it's --- may ano eh, may --- there are rules everywhere to be followed. Just follow the rule. Pati 'yang mga... Mayroong mga batas. Just... The rules are there. Follow the rules of our --- to make our national life more comfortable.

Iyong mga tao, well, if you support government tapos huwag kayong mag --- sumunod lang kayo sa batas, wala. Palagay ko wala na masyado tayong problema.

We are really a poor country. By any standard as compared to the others, we are poor. But somehow, about five generations, five presidents from now, we might be able really to raise the standard of living sa Pilipinas. We will reach there as long as iyong mga lider natin... Mahirap kasi 'yung corruption. Stealing money from or into corruption, mahirap.

Let's talk to --- mag-realistic tayo dito sa... Nandiyan naman 'yung mga ano, mamili na lang kayo. Ako, wala akong kandidato pagka-presidente. I said I have... I said it before, I will say it again for everybody to hear me lalo na dito, I am not supporting any person as president --- a candidate.

Mayroon akong sinusuportahan mga senador kasi kailangan natin ito sila. Ewan ko kung makinig kayo sa akin. Maraming senador diyan na hindi na dapat. Itong isa si Gordon.

Alam mo ang ginawa nito ganito. Nagsige sila imbestiga. They started with the investigation dito sa COA. The COA findings, sabi ng COA walang anomalya. Pumasok ito si Gordon at pinapatawag niya palagi si Galvez --- si Secretary Galvez, pati si Secretary Duque. Pabalik-balikin nila doon, piecemeal ang testimony.

Ang problema iyong dalawang 'yun ang inutusan ko to take care to build an infrastructure for maghanap ng medisina. And Duque was also hard pressed because he was running a department who is in charge to protect the health of the people.

But at the start, sinabi ko wala talaga tayo when I appointed Galvez and pati itong si Duque --- Secretary Duque. Wala tayong bakuna. Walang magbigay noon kasi kailangan lahat.

Iyong iba naman mga mayayaman, binili na lahat 'yung vaccines. Wala tayo. Sinong nag...? Who came to help us? China nag-donate. The very first bakuna na nag --- umabot ng Pilipinas came from China. Nag-donate sila and that started slowly pero kulang pa rin.

Pero bili tayo nang kaunti hanggang nakaipon tayo ng enough to inject about a third of the Filipino --- one third. I would say more than one half na talaga by this time. Nakabili tayo dahan-dahan.

Ngayon, sige niyang patawag ito. Ang problema, si Gordon ang chairman sa Blue Ribbon. Ang problema nila Gordon, nakita naman ninyo, alam ko kayong mga Pilipino, nakita naman ninyo kung paano si Gordon mag-imbestiga. Akala mo pulis siya. Sinisigawan niya 'yung mga tao. He humiliates everybody na pabalik-balikin niya. Umalma ako. Sabi ko, "Bakit mo pabalik-balikin?" Minsan buong araw nandoon 'yung dalawa hindi naman tinatawag.

Kaya I called his attention publicly sinabi ko, for respeto, Secretary 'yan, Cabinet member 'yan. The Cabinet members are the alter ego of the President. So if they act on something officially, it is as if it is...

Kasi I cannot run the government by myself. Wala ako about health, then there is the Department of Health. Security, so mayroong Department of DILG. Iyon 'yung si Año. About Trade, nandiyan si Secretary Lopez. So nandiyan 'yan sila.

Pero itong dalawa pinapatawag because of itong vaccines na binili. Ang sinasabi may allegation. So COA came in. Ang sabi ng COA everything is --- walang ano anomaly. Pero tinawag ko si Gordon kasi pinapabalik-balik niya 'yung dalawa.

Sabi ko for respeto, just out of maybe respect for a co-equal government entity. Nagalit ako. Pagdating doon, na-discover na kung sino 'yung mga negosyanteng pumasok doon, itong Pharmally. Tapos gusto nilang...

Dinadawit niya ako. Bakit daw ako nag-ano --- nakikialam? Why are you interfering in the investigation conducted by the Blue Ribbon Committee? Sabi ko, huwag mong gawain 'yan sa dalawa because they have a crucial task ahead of them every day.

Si Galvez kasi alam ko 'pag binigay ko ng department or ano 'yung bureau, mayroon talagang delay 'yan kasi negotiation tapos corruption. Kaya sabi ko kay... Itong si Galvez, he was the General noong siege ng Marawi. I saw him under pressure. And as a matter of fact, 10 times ago nagbalik pumasok doon sa Marawi. Nabutas pa nga ang isang helicopter. Tinamaan kasi mag-take off ako ng gabi, eh may ilaw eh.

PASTOR QUIBOLOY: Tinira.

PRESIDENT DUTERTE: Tinira. Nakita ko itong si Galvez, siya 'yung nagdala. Siya 'yung commander doon on the ground. Maganda 'yung department niya. Nag-uusap kami. Kausap ko 'yung mga sundalo 'yan sa...

Eh pinagbigyan ko importansiya eh nagpapakamatay itong mga 'to. Kaya noong nag-retire siya, kinuha ko siya. Sabi ko na "gusto kita kasi..." Mayroon pa lang footages doon sa ano. Buti hindi kami tinamaan ng maski granada.

May awa naman ang Diyos eh. Pero naalaala ko minsan 'yung pumapasok na kami doon sa... Pero sa likod kami at a safe distance.

PASTOR QUIBOLOY: Sa warzone, Mayor.

PRESIDENT DUTERTE: Minsan pag-akyat namin doon sa pauwi na kami, tyenngg, parang dumaan sa tainga. Doon man 'yun sa front talaga, iyong warfront, iyon ang bakbakan tapos may pumutok na...

Doon kami nagtago sa mosque kaya may mga taong nagalit. Iyong mga Moro. Nagalit bakit kami doon. Eh sabi ko "saan man pala kami magtago?" Iyong pinakamalapit napuntahan namin 'yung mosque eh.

Doon ko nakilala kaya kinuha ko 'yan si Galvez. Pabalik-balik, pabalik-balik. Ngayon sabi ko, "ano ka man?" Alam mo, sabi ko, "Gordon..." Inaambisyon niya pagka-presidente eh, noon pa. May panahon 'yan nag-ambisyon ng presidente. Tumakbo ata 'yan.

PASTOR QUIBOLOY: Oo, Mayor.

PRESIDENT DUTERTE: May ambisyon talaga 'yan. Kaya kung --- pati magsalita, kung mag-imbetiga sinisigawan 'yung tao. Walang respeto. [modulates voice] "You're ano, that's impertinent!" Pa-English-English pa. [garbled]

Pareho tayo abugado. Sabi ko nga, alam mo Gordon, alam mo Gordon, kung nakikinig ka, pakinggan mo ako ha. Kung mas marunong ka sa akin, ikaw na 'yung na-Presidente ngayon. [laughter and applause]

Kaya huwag mo akong yabangan na parang i-dare pa. Hindi naman parang dinadawit mo ako na inaano ko. Ang aking pinakiusap noon, si Galvez lang pati si Duque. Huwag mong habaan ang istorya diyan kasi may Intsik diyan eh, Pastor.

There's a Chinese, 'yung may-ari diyan sa Sta. Ana, iyong Chinese store doon na department, malaki.

PASTOR QUIBOLOY: Si Yang.

PRESIDENT DUTERTE: Yang. Iyang si Yang came here Davao 20 years ago. I distinctly remember meeting him kasi dinala siya ni Sammy Uy, a Chinese man 'yun.

Maliit lang community kami noon eh. Kami 'yung mga originals. Ito 'yang si Sammy Uy. Pinakilala niya. Pinakiusap na gusto siyang mag-negosyo. Sabi ko, "Sige, okay lang." Pero sabi ko "Huwag kang pumasok ng droga." Nag-usap kami kasi nag-break ang command conference. Panahon na 'yun, iyon 'yun. Sabi ko na...

So 20 years ago, ang unang negosyo niyang Michael Yang na 'yan. Tanungin mo 'yang mga taga-palengke, cellphone. Maski ice cream vendor, sige bigyan niya. Alam mo kasi ang Chinese,

hindi naman 'yung malalaki basta mag-una. Iyon lang ang negosyo niya hanggang nag-equipment, iyang mga China-made na mura. Iyong mga Jockey mo, mayroon. Pero isang gamit lang. [laughter] Kasi pagkatapos laba mo, para na sa bata. [laughter]

Kaya nga ang sabi "made in China" eh. Kaya sabi ko nga noong nagpunta --- nag-usap kami ni Xi Jinping harap-harapan. Sabi ko na, "if China could improve on the quality of its product or its produce, you will overtake the West."

Sabi ko, huwag kayong pumayag na 'yung ano ninyo... Iyong ballpen ninyo minsan 'pag sa doon sa tindahan, paganoon-ganoon magsulat. Pag-uwi mo sa bahay, wala na. [laughter] Anong klase ito?

Ganoon man. But at least prangka ako. Kay Xi Jinping mismo sinabi ko. "What are the things that can improve our trade with you? What are the products that you want to buy in bulk?"

Sabi ko before that, "So, Mr. President, if China could improve on the quality --- what I am referring to is the durability --- at least shelf life ng ano... Mag-improve kayo diyan." Sabi ko, "You will overtake the West."

Kaibigan ko si Xi Jinping. Si Putin, kaibigan ko rin. Nagpunta ako sa Russia. Ang ganda ng... Kaibigan ko talaga siya sa totoo lang. Nagbigayan kami ng gifts. Ewan ko kung sinadya ba niya but 'yung relo niya na iWatch --- ah, hindi iWatch 'yun.

PASTOR QUIBOLOY: IWC.

PRESIDENT DUTERTE: [Unsa... Anong...] IWC.

PASTOR QUIBOLOY: Yeah.

PRESIDENT DUTERTE: Pareho kami. Pagtingin ko sa relo niya, parehong-pareho talaga kami. But you know, ano 'yan eh. Sabi ko na ang ayaw ko nito kay pag... Ayan bumalik na.

PASTOR QUIBOLOY: Iyong Russia-Ukraine, Mayor?

PRESIDENT DUTERTE: Alam mo, Pastor, I do not want to be an alarmist. But ako naman, I dwell on reality always.

Itong si Putin, I have --- you know, there's a --- binabalik nila 'yan eh sa TV, parang i-flash lang. I was a mayor then, I was asked about Putin. My answer to the American, sabi ko... Pinapalabas lang nila eh.

Sabi ko, "You know, if there is an outbreak of a total war between your country and Russia and their --- its allies..." Sabi ko you can fight like this one, a conventional war na. Pero ang hindi ko nga masabi-sabi sa inyo, ang pinakamahirap sabihin, Pastor. Pero sabi ko nga itong si Putin, the Americans cannot stomach death and destruction. Sinabi ko, iyon ang sinabi ko. But itong si

Putin is suicidal. That was a statement I made before I went to Russia. So alam ni Putin sinabi ko 'yan, "suicidal". Lalo na noong nakausap ko siya.

Ang... Nandoon kasi ako pumutok ang Marawi kinabukasan. Pagdating ko kinabukasan nagputok. So sabi ko sa entourage, "Balutin na ninyo uli 'yung ano ninyo kasi uwi tayo." So may... I had a regular appointment to see Putin on a --- but it was about three days after pa. Sabi ko, hindi na ako makahintay, uwi ako. I signed the decree of martial law sa...

PASTOR QUIBOLOY: Marawi?

PRESIDENT DUTERTE: Moscow. Uuwi tayo. Along the way, Putin who was in I think Georgia, sabi niya kung makahintay ako, he will be --- it would take him about six hours. Kasi itong Russia, kagaya ng ano, there's a part of Russia that is in Europe, and itong part of nitong Vladivostok. A part of Asia na 'yan. So ganoon kalaki ang...

So he was somewhere outside Moscow and he said that if I could wait for him, mga six hours, dadating siya, mag-usap kami. Nag-usap kami, matagal rin. Ang nandoon, si Delfin Lorenzana pati si Senator Bong Go kasi sila nakadikit talaga ito si Bong eh.

Kita namin si Putin ano talaga. Parang ano 'yung hindi mo ma --- talagang tigas. Kung sa tigas, matigas. Kung sa ano niya, may sinabi siyang statement about America at saka itong ruckus ng created by si Kim Jong-un sa North Korea pati... And we were talking about the possibility of magkaroon ng gulo dito sa --- sabi talaga niya, "We will not stand idly if one of our allies is in trouble. We will be there to help." Iyon ang sabi niya. So 'yun rin siguro ang thinking ni President Xi Jinping, I hope. But one of the countries sa Asia with an urging moderation 'yung China.

Hindi naman niya kiniriticize (criticize) pero sabi niya na huwag ganoon. That is not the way how you should conduct your interrelations there. Mahirap diyan if Putin is... I think he's losing the war in Ukraine. Nakikita mo sa TV eh. Ang problema niyan, Pastor, is if he is cornered ---

